Kung papaano ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-naghuhugas ng kanyang ulo habang siya ay nasa kalagayan ng Ihram? Inilgay ni Abu Ayyub ang kamay niya sa kanyang damit,iniyuko niya ito,hanggang sa maaging hayag sa akin ang ulo nito,Pagkatapos ay sinabi niya sa taong nagbubuhos sa kanya ng tubig;Buhusan mo,Kaya binuhusan siya sa ulo niya,pagkatapos ay linalikut nito ang ulo niya sa mga kamay niya,iginalaw niya ito paharap at salubong,Pagkatapos ay nagsabi siyang: Ganyan ko siya nakita-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na naliligo

Tunay na si 'Abdullāh bin 'Abbās at Al-Miswar bin Makhramah at nagkasalungat sa Abwa: Nagsabi si Ibn `Abbas:Hinuhugasan ng Muhrim ang ulo nito,at ang sabi ni Al-Miswar: Hindi hinuhugasan ang ulo nito,Nagsabi siya:Ipinadala ako ni Ibn `Abbas kay Abē Ayyūb Al-Ansārīy -malugod si Allah sa kanya-;Nadatnan ko siyang naliligo sa pagitan ng dalawang haligi,habang siya ay nagtatakip sa damit,Bumati ako sa kanya.Nagsabi siya:Sino iyan?Nagsabi ako: Ako si 'Abdullāh bin Hanīn,ipinadala ako sa iyo ni Ibn `Abbas,Nagtatanong siya sa iyo; Kung papaano ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-naghuhugas ng kanyang ulo habang siya ay nasa kalagayan ng Ihram? Inilgay ni Abē Ayyūb ang kamay niya sa kanyang damit,at ibinaba niya ito,hanggang sa maging hayag sa akin ang ulo nito,Pagkatapos ay sinabi niya sa taong nagbubuhos sa kanya ng tubig;Buhusan mo,Kaya binuhusan siya sa ulo niya,pagkatapos ay kinalikut nito ang ulo niya sa mga kamay niya,iginalaw niya ito na paharap at salubong,Pagkatapos ay nagsabi siyang: Ganyan ko siya nakita-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na naliligo)) At sa isang salaaysay:((Ang sabi ni Miswar kay Ibn 'Abbās: Hindi na ako makikipagtalo sa iyo kailanman))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagtalo si 'Abdullāh bin 'Abbās at Al-Miswar bin Makhramah-malugod si Allāh sa kanilang dalawa-sa pagligo ng taong nasa kalagayan ng Ihrām,kung huhugasan ba ng Muhrim ang ulo niya o hindi,At ang kalagayang pinag-aalinlangan rito ay, kapag kinalikut ang buhok sa ulo nito maaari itong maging dahilan sa pagkahulog ng mga buhok, Dumating si 'Abdullāh bin Hanīn kay Abē Ayyūb, at nadatnan niya itong naliligo. Sinabi niya sa kanyang;Ipinadala ako

sa iyo ni Ibn 'Abbās, upang magtanong sa iyo kung papaano maligo ang Sugo ni Allāh-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-Sinabi niya sa nagbubuhos sa kanya ng tubig: Buhusan mo;pagkatapos niyang ibaba ang damit na siyang itinatakip niya,hanggang sa makita ang ulo niya, Pagkatapos ay kinalikut nito ang ulo niya sa mga kamay niya,iginalaw niya ito nang paharap at salubong,Pagkatapos ay sinabi niyang;Ganyan ang nakita kong ginagawa ng Sugo ni Allāh pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan.At nang dumating ang inutusan,sinabi niya sa kanilang dalawa, ang katumpakan ng nakita ni 'Abdullāh bin 'Abbās-at sila ay naghahanap ng katotohanan-umamin [sa kanyang pagkakamali] si Al-Miswar -malugod si Allāh sa kanya-at sinang-ayunan niya ang kahigitan ng kasama niya: at Sinabi niyang:Hindi na ako makikipagtalo sa iyo kailanman

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4528